# KAHARIAN NG MGA PINTO

**Isang musikal**

**‘KAHARIAN NG MGA PINTO’**

Buod:

Paalis uli ang nanay ni Lea na isang nars na OFW sa London. Kaya’t si Lea lang at ang tatay niya ang tanging magkasama sa bagong condominium unit na nilipatan nila. Dito sa bagong mundo ni Lea, mayroon daw siyang ‘superpower’— ang kakayahang tumagos sa mga pinto! Kaya niyang maglabas-masok sa iba’t ibang pinto, at sumilip sa buhay ng kanilang mga kapitbahay.

Pero, ang nakapagtataka, sa eskuwelahan, hindi naman gumagana ang kaniyang ‘superpower’ at nagkakabukol lang siya tuwing susubukang tumagos sa mga pinto!

Pagtagal, malalaman natin na ang ‘superpower’ ni Lea ay hindi pala talaga kapangyarihan— kundi ang tanging daan ng pagtakas at pagtutol tuwing siya’y inaabuso ng kaniyang tatay.

Sa tulong ng kaniyang guro, school psychologist at social worker, maipagbibigay-alam sa nanay ni Lea ang pinagdaraanan ng bata. Maipakukulong ang mapang-abusong tatay. At dadaan si Lea sa therapy sessions upang matulungan siyang ‘gumaling’ at malampasan ang mapait na trauma na kaniyang naranasan.

Ang ‘KAHARIAN NG MGA PINTO’ ay isang yugtong dulang musical, kaya’t karamihan ng mga linya sa dula ay pakanta. Ang pangunahing audience nito ay hindi bata, kundi matatanda— upang magkaroon pa ng awareness ang mas marami tungkol sa nagaganap na pang-aabuso sa mga bata.

Isa rin itong panawagan sa lahat ng matatanda na mas protektahan pa ang lahat ng bata at ipaglaban ang kanilang karapatan laban sa anomang uri ng pang-aabuso.

## MGA TAUHAN

| | |
|---|---|
| Lea | 7 taong batang babae |
| Tatay | 30's, lalaki |
| Nanay | 30's, babae, nars |
| Mga Pinto | Koro ng mga tagapagsalaysay |
| Mrs. Domingo | Matandang babae/<br>Mabalahibong aso na may manyika |
| Paola | Babaeng teen-ager/<br>Biyolin na tinutugtog ang sarili |
| Linda | Babaeng kasambahay/<br>Koreanang prinsesa |
| Teacher Cynthia | Mid-20's, babae |
| Dr. Villanueva | 40's, babae |
| Social Worker | 30's, babae |
| Mga kaklase ni Lea | mga 7-8 year old na batang lalaki at babae |
| Ballerinang Manyika | |
| Aninong Kamay | |

## LUGAR

**Realidad:** Ang malungkot at madilim na mundo na totoong ginagalawan ni LEA; ang condo at eskuwelahan.

**Pantasya:** Ang masaya at makulay na mundo kung saan lahat ay tila kabaligtaran ng realidad. Dito, may kapangyarihan si LEA na tumagos sa MGA PINTO.

## PANAHON

Kasalukuyan.

## SCENE 1

**REALIDAD.** Sa pasilyo ng condo, nakahilera ang MGA PINTO. Sa gitna nila nakatayo sina LEA, NANAY at TATAY. Bitbit ni LEA ang kanyang manyika at hila-hila ang kanyang school bag. May dalang mga supot ng asin at bigas si NANAY. Buhat-buhat ni TATAY ang isang electric fan at oven toaster.

Nasa tapat sila ng PINTO NG 19-L.

**NANAY**
Anak, paki-buksan mo nga ang pinto.

Natatakot na lalapitan ni LEA ang door knob. Hindi niya magawang hawakan ito.

**TATAY**
Ang tagal naman!

Ibababa ni NANAY ang mga hawak niya.

**NANAY**
Ako na nga. Alam mo naman itong anak mo, takot magbukas ng pinto. Ewan ko ba kung bakit.

Bubuksan ni NANAY ang pinto.

**NANAY**
Gusto mo ba dito sa bagong bahay natin?

**LEA**
Opo. Ang tahimik. Tayo lang po ang nakatira dito?

Lalabas si MRS. DOMINGO, bitbit ang kanyang aso.

**MRS. DOMINGO**
Siyempre, may mga kapitbahay kayo!

**MRS. DOMINGO**

*Ako si Misis Domingo*

*Siya si Bantay, ang baby ko*

*Isang asong isip-tao*

*19-A… kapitbahay n'yo*

Lalapit si PAULA, tinutugtog ang kanyang biyolin.

**PAULA**

*19-F, ako si Paula*

*Tumutugtog sa orchestra*

*Instrumento ko'y biyolin*

*O kay sarap patugtugin*

Susunod si LINDA, winawagayway ang siyanse at walis.

**LINDA**

*Ate Linda at your serbis*

*Luto, laba, plantsa, linis*

*Ako ay masipag na tunay*

*Sa 19-B, kasambahay*

**PAULA**
*Ang nanay ni Bantay…*

**LINDA**
*Ang musikerang mahusay…*

**MRS. DOMINGO**
*Bidaderang kasambahay…*

**MRS. DOMINGO/ PAULA/ LINDA**

*Kapitbahay, kapitbahay*

*Pero hindi kapit-buhay*

*Kanya-kanya kami rito*

*Makisama na lang kayo*

*Para walang gulo!*

Pagsasarhan sila ng pinto ng tatlong kapitbahay. Papasok sina NANAY at TATAY sa PINTO NG UNIT 19-L. Maiiwan si LEA sa hallway.

**PANTASYA.** Maglalabas ng malalaking susi ang MGA PINTO, itataas nila ang mga ito na parang espada ng mga sundalo.

**MGA PINTO**

*Welcome! Tuloy ka, Lea!*

*Dito sa 'ming kaharian*

*Lahat ay kabaligtaran*

*Dito, ang kababalaghan*

*Nagiging katotohanan*

**PINTO NG 19-L**

*Bahay dito'y patong-patong*

*Mula ground floor hanggang bubong*

*Sanlibo't tatlumpung tao*

*Lahat ng nakatira dito*

**LEA**

*Mga pintong 'di na kailangan*

*Susian at buksan*

*Ang daming mapupuntahan*

*Sa inyong kaharian*

*Ang saya sa inyong mundo*

*Gusto kong tumira dito*

*May kalayaan ako*

*Na gawin ang gusto ko*

**MGA PINTO**

*Pero tandaan!*

*Lahat dito'y kabaligtaran*

*Dito, ang kababalaghan*

*Nagiging katotohanan*

*Lalabas si MRS. DOMINGO, nakadamit-aso, hinihinila sa tali ang alaga niyang manyika.*

**PINTO NG 19-A**

*‘Yan ang masungit na amo*

*Asong may alagang tao*

**MRS. DOMINGO (ASO):**

*Ako si Misis Domingo*

*May alaga akong tao*

*Ang pagmamahal ko*

*Sagad hanggang buto-buto*

*Lalabas si PAULA, isa nang biyolin, pinatutugtog ang sarili.*

**PINTO NG 19-F**

*At ang taong naging biyolin*

*Sarili’y kayang patugtugin*

**PAULA (VIOLIN):**

*Paula kung tawagin*

*Tinig ko’y parang hangin*

*Lahat ng aking awitin*

*May hugot, may damdamin*

*Lalabas si LINDA, isa nang prinsesang Koreana.*

**PINTO NG 19-B**

*Ang kasambahay naging bida*

*Prinsesa ng Koreanovela*

**LINDA (PRINSESA):**

*Annyeonghaseyo! Kumusta!*

*Ako si Prinsesa Linda*

*Ang magandang senyorita*

*Byuti ko'y pang-artista!*

**MGA PINTO**

*Alam namin, bawat kuwento*

*Walang isa, kahit sino*

*May tinatagong sikreto*

*Lahat aming nabubuko*

**LEA**

*Wehhh, hindi nga?*

*Baka nagjo-joke lang kayo?*

**MGA PINTO**

*'Di kami nagbibiro*

*Kami ang mga saksi*

*Sa bawat pangyayari*

*Dito sa kaharian ng mga pinto!*

**PINTO NG 19-L**

*Welcome! Tuloy ka, LEA!*

Tatagos si LEA sa pinto ng 19-L.

**MGA PINTO:**

*Ano ang kuwento ni Lea?*

*May lihim ba siyang itinatago?*

*Bakit niya nakikita*

*Kaming hukbo ng mga pinto?*

*Aalamin namin ang katotohanan*

*Hindi namin tatantanan*

*Kami'y mag-iimbestiga*

*Ano nga ba, ano nga ba…*

*Ano nga ba ang lihim ni Lea?*

(BLACKOUT)

## SCENE 2

**REALIDAD.** Nasa pasilyo ng paaralan si LEA habang masayang naglalaro ang mga CLASSMATES niya kasama si TEACHER CYNTHIA. Hindi gumagalaw ang MGA PINTO.

**TEACHER CYNTHIA**
Lea!

Hindi lalapit si Lea.

**TEACHER CYNTHIA**

*Simple lang sa unang tingin*

*Tahimik at mahiyain*

*Isang batang malungkutin*

*Kaya walang pumapansin*

**MGA KAKLASE**

*Bihira siyang magsalita*

*Parang umurong ang dila*

*Baka kinain ng pusa*

*Bakit kaya dila'y nawawala?*

Papasok sa classroom si LEA pero may nakaharang na PINTO.

**MGA KAKLASE**

*Kami rin ay nagtataka*

*Bakit pinto'y 'di mahawakan*

*Natatakot ba siya?*

*Ano'ng kinatatakutan?*

**PANTASYA.** Magbubuhay ang MGA PINTO sa pasilyo.

**MGA PINTO**

*Ano'ng meron sa kanyang buhay*

*Walang dahilan para malumbay*

*Pero ang ating bida*

*'Di man lang tumatawa*

Magri-ring ang bell. Tatakbo pauwi ang mga kaklase niya.

**REALIDAD.** Maglalakad si LEA pauwi. Sa bahay nila, naghahain ng pagkain si TATAY sa mesa. Pagkakita nito kay LEA, yayakapin.

**TATAY**

*Umiikot ang aking mundo*

*Dahil sa 'yo, prinsesa ko*

*Bawat tibok ng aking puso*

*Binubulong pangalan mo*

**TATAY**
Kumain ka na.

**LEA**
Hihintayin ko po si nanay.

**TATAY**
Mamaya pa yun-

**LEA**
‘Nay!

Dadating si NANAY, naka-unipormeng pang nars.

**NANAY**
May good news ako! Babalik na ako sa London!

Yayakapin ni NANAY si TATAY. Mapapansing malungkot si LEA. Lalapitan.

**NANAY**

*Ako’y nagsusumikap*

*Para sa ‘yong mga pangarap*

*Nang gumanda ang buhay mo*

*Lahat nang ito’y para sa ‘yo*

*Malayo man ako*

*Ikaw ang nasa isip ko*

*Walang ibang hangarin*

*Kundi buhay mo’y pagandahin*

**TATAY**

*Mahal kita*

**NANAY**

*Mahal ka namin*

**TATAY**

*Prinsesa ko*

**NANAY**

*Aming mundo*

**TATAY**

*Ako’y iyong-iyo*

**NANAY**

*Ikaw ang buhay ko*

Kukunin ni NANAY ang kamay ni LEA at maglalakad sila papunta sa kuwarto.

Mahihiga si LEA sa kama, pipikit. Hahalikan ni NANAY si LEA sa noo at papatayin ang ilaw sa kuwarto. Aalis si NANAY.

Katahimikan. Didilat si LEA. Nakatingin sa PINTO NG KUWARTO. Wala itong imik. Bubukas. Pipikit si LEA. Papasok si TATAY sa kuwarto at uupo sa kama para kumutan si LEA. Unti-unting didilim.

**PANTASYA.** May matitirang liwanag sa mukha ni LEA. Babangon.

**LEA**

*Shhh!*

*'Wag kayong maingay*

*'Di alam ni Nanay*

*Lalo na ni Tatay*

*Meron akong ibang buhay*

*Tahimik lang ako*

*Dahil ako'y may sikreto*

*Sa inyo ko lang sasabihin 'to…*

*May superpower ako!*

Bubuwelo si Lea, tatakbo papunta sa PINTO NG KUWARTO at tatagos.

**LEA**

*Kaya kong tumagos sa mga pinto*

*Kahit ilan, kahit saan*

*Basta gusto ko,*

*'Di ako mapipigilan!*

*Walang nakakaalam*

*Sa superpower ko*

*Walang pinagsabihan*

*Ng aking sikreto*

*Alam ko'ng iniisip n'yo…*

*Para saan ang powers mo?*

**PINTO NG KUWARTO**

*Magnanakaw ka ba ng bangko?*

*Mananakot ng mga tao?*

**LEA**

*Hindi ko alam, ewan*

*Kailangan bang may dahilan?*

*'Di ba puwedeng tanggapin na lang?*

*Hindi ko alam, ewan*

Babalik sa pagkakahiga si LEA. Nakaupo pa rin sa tabi ng kama si TATAY.

**REALIDAD.** Papasok si NANAY, may dalang maleta na may markang: "LONDON." Yayakap si NANAY kina TATAY at LEA. Maiiwang nakaupo sa kama ang mag-ama habang naglalakad palayo si NANAY, kumakaway at hila-hila ang kanyang maleta.

**<u>SCENE 3</u>**

**REALIDAD.** Ilalapag ni TATAY ang uniporme ni LEA sa kama. Tsaka lang babangon si LEA.

**TATAY**
May sakit ka ba?

**LEA**
Wala po, nami-miss ko lang si nanay… sana nandito siya.

**TATAY**
Ilang beses ko bang ipaliliwanag sa 'yo… kailangang magtrabaho sa abroad ng nanay mo.

**LEA**
Alam ko naman po 'yun…

**TATAY**
Yun naman pala. Eh bakit nagmumukmok ka pa? 'Lika nga dito… tandaan mo, mahal kita. Mahal na mahal.

Yayakapin ni TATAY si LEA.

**TATAY**

*'Wag kang mag-alala*

*Wala man si nanay*

*Nandito si tatay*

*Para mahalin ka,*

*Aking munting prinsesa*

*Masdan ating kaharian*

*Maliit lang kung titingnan*

*Isang banyo, dal'wang kuwarto*

*Kusina, kainan… sala*

*Maliit lang pero puwede na*

*Munting palasyo, para sa prinsesa ko*

*'Wag kang mag-alala*

*Wala man si nanay*

*Nandito si tatay*

*Para mahalin ka*

Hahalikan ni TATAY si LEA sa pisngi.

**LEA**
'Tay… maglalaro lang ako sa labas.

Tatayo si TATAY, para isara ang PINTO NG KUWARTO.

**TATAY**
'Wag na… Iiwan mo ko… akala ko ba mahal mo si tatay?
Mahal mo ba ako?

**LEA**
Opo.

**TATAY**
Mahal na mahal ka ni Tatay.

Hahawakan ni TATAY sa balikat si LEA at hahalikan ang anak sa labi.

Maririnig ang tinig ng KORO mula sa likod ng entablado.

**KORO**

*Ito ang lihim ni Lea*

*pagmamahal ng Tatay n'ya*

*Sobra-sobra, 'di na tama*

*Ano'ng kanyang magagawa?*

**PANTASYA.** Tatakpan ng PINTO NG KUWARTO sina TATAY at LEA.

**PINTO NG KUWARTO**

*Nakalimutan n'yo na ba*

*Ang super power ni Lea*

*Kaya niyang tumakas*

*Puwede siyang lumabas*

Papasok ang ibang MGA PINTO.

**MGA PINTO**

*Tandaan*

*Dito sa aming kaharian*

*Lahat ay kabaligtaran*

*Ng inyong nakasanayan*

*Dito, ang kababalaghan*

*Nagiging katotohanan*

Tatagos si LEA mula sa PINTO NG KUWARTO, naka-costume ng superhero.

**LEA**

*Meron akong kayang gawin*

*Isip ko'y paliliparin*

*Imahinasyon ko ay paaandarin*

*Powers ko ay gagamitin*

*Sino ang unang bibisitahin?*

*Ah! Yung aso, ating kumustahin!*

Tatagos si LEA sa PINTO NG 19-A.

Nandoon si MRS. DOMINGO, nakadamit na aso, kinakagat ang manyikang tao.

**LEA**
Kumusta kayo, Mrs. Domingo?

**MRS. DOMINGO (ASO)**
Arf! Arf! Arf!

**LEA**
Kumain na ho ba kayo?

**MRS. DOMINGO (ASO)**
Awooooo!

Maglalagay si LEA ng pagkain ng aso sa isang bowl at ilalapag ito sa sahig.

Bibigyan din niya ito ng isang malaking buto. Kakainin ni MRS. DOMINGO.

Maririnig ang matinis na hiyaw ng biyolin.

**LEA**

*Tinatawag ako ni Ate Paula*

*Mabuti pa, puntahan ko siya!*

Tatagos si LEA sa PINTO NG 19-F.

Nandoon si PAULA, isang biyolin, tinotono ang kanyang sarili.

**LEA**
Ate Paula, kailangan mo ba ng tulong?

**PAULA**
(Garalgal) Eeek! Eeek! Eeek!

**LEA**
Oo naman po. Saan po ba hihigpitan?

**PAULA**
(Garalgal) Eeek!

Hihigpitan ni LEA ang tuning peg ni PAULA.

**PAULA**

*Salamat, Lea!*

Maririnig ang tili ni LINDA.

**LEA**

*Kailangan ng tulong ni Ate Linda*

*Doon muna ako sa kabila!*

Tatagos si LEA sa PINTO NG 19-B.

Maaabutan niya si LINDA, nakasuot ng damit ng prinsesang Koreana, nanghihina sa sofa. Sa bawat sabihin nitong salitang Koreano, may KORO na maglalabas ng karatulang may salin sa Filipino.

**LINDA**
Dowajuseyo!
(Salin: Tulungan mo ako!)

**LEA**
Bakit po? Ano po'ng nangyari?

**LINDA**
Naneun wang-gwan-eul ilh-eo beolyeossda.
(Salin: Nawawala ang Korona ko!)

Hahanapin ni LEA ang korona sa ilalim ng sofa. Makikita niya ito at ipuputong sa ulo ni LINDA.

**LINDA**
Gomabseubnida!
(Salin: Salamat!)

Yayakapin ni LINDA si LEA. Makikiyakap din sina MRS. DOMINGO at PAULA.

**LEA**

*Tapos na…*

*Tapos na ang trabaho ko*

*Natulungan ko na kayo*

*Humihina na’ng powers ko*

*Babalik na ‘ko sa ‘king mundo*

Tila may humihila kay LEA, palayo sa MGA PINTO at mga kapitbahay.

**MGA PINTO**

*Sana dito ka na lang*

*Sa aming kaharian*

*Dito marami kang kaibigan*

*Dito ‘di ka masasaktan*

Tatagos si LEA sa PINTO NG KUWARTO.

(BLACKOUT)

**REALIDAD.** Habang madilim, maririnig ang ingay ng mga kapitbahay- may kumakahol na aso, may tumutugtog ng biyolin at may babaeng nagsasalita ng Koreano. Lalabas si TATAY sa PINTO NG KUWARTO.

**<u>SCENE 4</u>**

**REALIDAD.** Sa pasilyo ng eskuwelahan, nagkukumpulan ang mga KAKLASE ni LEA.

**MGA KAKLASE**
Lea! Lea! Lea!

Nasa kabilang dulo ng pasilyo si LEA, nakatanggal ang  mga sapatos at bumubuwelo.

**KAKLASE 1**
Sige na! Gawin mo na!

**KAKLASE 2**
Ano ba'ng gagawin niya?

**KAKLASE 1**
Kaya daw siya hindi humahawak sa pinto, kasi kaya raw n'yang tumagos. May super power daw siya.

**KAKLASE 2**
'Di nga, walang biro?

**MGA KAKLASE**

*Siya si Super Lea*

*At ang power niya*

*Tumagos sa pinto*

**LEA**

*Walang halong biro!*

**MGA KAKLASE**

*Kung ayaw mong maniwala*

*Manood ka, kanyang ipapakita*

*Kaya niyang tumagos sa pinto*

**LEA**

*Sasampolan ko kayo!*

**MGA KAKLASE**

*On your mark…*

*Ready….*

*Get set…*

*Go!*

Tatakbo si LEA papunta sa isang PINTO sa dulo ng pasilyo. Tatama siya at babagsak. Magtatawanan ang MGA KAKLASE niya.

Lalabas si TEACHER CYNTHIA. Magtatakbuhan palayo ang MGA KAKLASE ni LEA.

**TEACHER CYNTHIA**
O, may bukol ka yata.

Susubukang hawakan ni TEACHER CYNTHIA si LEA pero lalayo ito.

**TEACHER CYNTHIA**
May problema ba?

**LEA**
Opo… nawala ang superpower ko!

**TEACHER CYNTHIA**
Ano'ng superpower?

**LEA**

*Kagabi lang po*

*Kaya kong tumagos sa pinto*

*Hindi ako nasasaktan*

*Hindi rin nabubukulan*

*'Wag ho kayong mabibigla*

*May superpower po ako*

*Pag ang kapitbahay  may problema*

*Ang tumutulong sa kanila…*

*Si Super Lea!*

*Kagabi, si Ate Linda*

*Kasambahay na prinsesa*

*bida sa koreanovela*

*Nawawala ang korona*

*Sino'ng nakahanap?*

*Si Super Lea!*

*Si Ate Paula*

*Siya po ang pinakamahinhin*

*Sa lahat ng mga biyolin*

*Buti dumating ako*

*Inayos ko ang kanyang tiklado*

*Gumanda ang kanyang tono*

*Naku, si Mrs. Domingo*

*Asong may alagang tao*

*Ayaw tumigil sa paglalaro*

*Pero nung dumating ako*

*Pinakain ko ng malaking buto*

**TEACHER CYNTHIA**
Binisita mo ang mga kapitbahay n'yo?

**LEA**
Opo. Pero doon po sa kaharian ng mga pinto.

**TEACHER CYNTHIA**
Saan yun?

**LEA**
Doon din 'yun sa may amin, kaya lang nakakapunta lang ako doon tuwing…

**TEACHER CYNTHIA**
Tuwing?

Hindi na magsasalita si LEA. Yayakap na lang siya kay TEACHER CYNTHIA.

**TEACHER CYNTHIA**

*Lea, ano'ng problema?*

*Sabihin mo, para matulungan kita*

*May nagawa ka ba?*

*O may nangyari sa 'yo?*

*Puwede mong ibulong sa akin*

*Kahit na anong lihim*

*Puwede mong ikuwento*

*Makikinig ako*

Aabutan ni TEACHER CYNTHIA si LEA ng mga papel at krayola. Habang nagdo-drowing si LEA, dadating si DRA. VILLANUEVA.

**TEACHER CYNTHIA**
Lea, siya si Dra. Villanueva.

**DRA. VILLANUEVA**
Ang sabi ni teacher Cyntia, meron ka raw gustong ikuwento. Tungkol ba ito sa 'yo?

Tatango si LEA. Aabutan ni DRA. VILLANUEVA ng isang manyika si LEA. Magkukuwento si LEA, pero hindi maririnig ang boses niya… kundi makikita sa isang sayaw.

**PANTASYA.** Lalabas ang BALLERINANG MANYIKA, kamukha ito ng manyikang hawak ni LEA, at magsasayaw sa harap ng isang puting telon kung saan may ANINONG KAMAY na tila kumukumpas ng musika.

Sa umpisa, marahang nakikipagsayaw ang ANINONG KAMAY sa BALLERINANG MANYIKA. Habang bumibilis ang musika, nagiging mas marahas ang kilos ng ANINONG KAMAY sa BALLERINANG MANYIKA.

Matatapos ang sayaw sa tila mahigpit na hawak ng ANINONG KAMAY sa BALLERINANG MANYIKA.  Pagbitaw ng ANINONG KAMAY, walang lakas na mahuhulog sa sahig ang BALLERINANG MANYIKA.

(BLACK OUT)

## SCENE 4

**REALIDAD.** Nakatulog si LEA sa silya habang nag-uusap sina TEACHER CHYNTHIA at DRA. VILLANUEVA.

**TEACHER CYNTHIA**
Kailangan nating tulungan si Lea.

**DRA. VILLANUEVA**
May kinausap na akong social worker. Sila na ang nagsabi sa mga pulis.

**TEACHER CYNTHIA**
Ako na ang tatawag sa nanay niya.

Magdidilim sa kanilang bahagi ng entablado. Kay LEA lang maiiwan ang ilaw.

Liliwanag sa kabilang dulo ng entablado kung saan naroon si NANAY, hawak ang kanyang cellphone, hindi makapaniwala sa narinig na balita.

**NANAY**

*Sana'y nandyan ako sa 'yong tabi*
*Bigyang liwanag ang madilim na gabi*
*Nagtago ang mga tala, bumuhos ang ulan*
*Nang lamunin ng buwitre ang buwan*

*Sana'y yakap ka hanggang humupa*
*Ang pag-agos ng iyong mga luha*
*Walang magagawa ang pagtangis*
*Kung hindi mauubos ang iyong hapis*

*Anak ko, aking mundo*
*Akala ko, alam ko*
*Ang tunay na pangarap mo*
*Hindi pala, hindi pala*
*Nagkamali ako*

Didilim sa bahagi ng entablado kung saan natutulog si LEA. Liliwanag sa bahagi kung saan nanonood ng TV si TATAY.

Habang umaawit si NANAY, kasama ng SOCIAL WORKER ang mga PULIS sa paghuli kay TATAY.

**NANAY**

*Hindi ko maintindihan*

*Paano'ng 'di ko nalaman*

*Na nilalapastangan*

*ang iyong kamusmusan*

*Kung sino pa ang inaasahan*

*Na magmahal nang lubusan*

*Siya pa ang dahilan*

*Kung bakit ka nasaktan*

*Sana ako na lang*

*Ang siningil ng kapalaran*

*Hindi ikaw, anak ko*

*Sana ako… sana ako*

Hinihila ni NANAY ang kanyang maleta, may markang: "MANILA."

Sa kabilang dulo ng entablado, lalabas sina TEACHER CYNTHIA at DRA. VILALNUEVA kasama ang social WORKER na hawak ang kamay ni LEA. Iiwan ni NANAY ang kanyang maleta at tatakbo kay LEA. Pagkakita sa INA, agad na sasalubungin ito ni LEA. Humahagulgol na yayakapin nila ang isa't isa.

**LEA**
Nanay!

**NANAY**
Sorry, anak. Kasalanan ko 'to. Sana, hindi na lang kita iniwan.

**TEACHER CYNTHIA**
Wala po kayong kasalanan.

**SOCIAL WORKER**
Minsan, maaari itong mangyari sa harap natin mismo nang hindi natin namamalayan.

**DRA. VILLANUEVA**
Ang importante, matulungan natin ngayon si Lea.

**TEACHER CYNTHIA**
Okay lang ba sa 'yo kung mawala ang super power mo?

Marahang tatango si LEA.

Hawak ni NANAY ang kamay ni LEA, bababa sila ng entablado at tatabi sa mga manonood habang ipapalabas sa TV ang video ni LEA sa kanyang mga therapy sessions kasama si DRA. VILLANUEVA at si NANAY.

Maiiwan sa entablado ang SOCIAL WORKER at sina TEACHER CYNTHIA at DRA. VILLANUEVA.

**MGA KABABAIHAN**

*Katahimikan ay basagin*

*Kadiliman ay puksain*

*Ang abuso, ‘wag palampasin*

*‘Di dapat nililihim*

**SOCIAL WORKER**

*Nangyayari ito kahit kanino*

*Mahirap man o mayaman*

*Ating tandaan*

*walang kahit sino*

*Ang puwedeng yumurak*

*Sa ating pagkatao*

**TEACHER CYNTHIA**

*Ang mga kabataan ay ating turuan*

*Na magsabi ng “huwag, ayoko!”*

*Pag pilit na hinahawakan*

*ang mga bahaging maselan*

*Magsabi, magsumbong, magkuwento*

*sa taong pinagkakatiwalaan*

**DRA. VILLANUEVA**

*'Di biro ang kanilang pinagdaanan*

*Mahirap kalimutan*

*Buksan ang mga puso't isipan*

*Para sila'y matulungan*

*Kanilang kinabukasan*

*Ating alagaan*

**MGA KABABAIHAN**

*Katahimikan ay basagin*

*Kadiliman ay puksain*

*Ang abuso, 'wag palampasin*

*'Di dapat inililihim*

Lalabas ng entablado ang SOCIAL WORKER kasunod sina TEACHER CYNTHIA at DRA. VILLANUEVA.

## SCENE 5

**PANTASYA.** Aakyat ng entablado si LEA**.** Pipila ang MGA PINTO, nakataas ang malalaking susi na parang espada ng mga sundalo. Isa-isang ilalapag ng MGA PINTO ang mga susi sa paanan niya.

**MGA PINTO:**

*Alam na, alam na*

*Alam na namin*

*Ang lihim ni Lea*

*Kung bakit niya nakikita*

*Kaming hukbo ng mga pinto*

*Alam na namin ang katotohanan*

*Na ‘di dapat pagdaanan*

*Kahit ninoman*

*Mula sa araw na ito*

*Ang kaharian ng mga pinto*

*Ay magsasara na*

*Kasabay ng madilim na yugto*

*Sa buhay ni Lea*

*Paalam, paalam*

*Sa aming matapang na kaibigan*

Sabay- sabay na sasaludo ang mga pinto, tatalikod at lalabas ng entablado.

**REALIDAD.** May maiiwang isang pinto, pero wala na itong mukha. Patutunugin ang mga daliri at mag-iinat ng mga kamay. Parang boksingerong sasabak sa laban ang pagbuwelo ni LEA.

Dahan-dahang lalapitan ni LEA ang pinto at nakapikit na aabutin ang door knob.

Nang mahawakan niya ito… walang nangyari!

**LEA**
Nay! Nay!

Hahangos papasok sa entablado si NANAY.

**NANAY**
Ano'ng nangyari?

**LEA**
May bagong power ako! Kaya ko nang buksan ang pinto!

Matatawa si NANAY at yayakapin si LEA. Matapos ang mahabang panahon, tatawa na rin si LEA.

**NANAY**

*Sa wakas dumating na*

*Ang pinakahihintay ko*

*Ang marinig kang tumawa*

*Ang makita kang masaya*

*Ako'y nagsusumikap*

*Para sa 'yong mga pangarap*

*Nang sumaya ang buhay mo*

*Lahat nang ito'y para sa 'yo*

*‘Di na muling magkakalayo*

*‘Yan ang aking pangako*

*Walang ibang hangarin*

*Kundi ika’y pagalingin*

**LEA**

*Salamat, Nanay*

*Dahil sa pagmamahal mo*

*Muling nagkabuhay*

*Ang aking puso*

*Nagbalik ang tiwala*

*Sa aking mundo*

*May apoy ng pag-asa*

*Sa aking puso*

*Salamat, Nanay*

*Mahal kita*

*Magyayakapan ang mag-ina.*

(BLACK OUT)

(WAKAS)

*******